

Presidential Communications Operations Office

Presidential News Desk

TALK TO THE PEOPLE OF PRESIDENT RODRIGO ROA DUTERTE (PART I)

[07 February 2022]

PRESIDENT RODRIGO ROA DUTERTE: I am glad, maligaya ako na nag-resume tayo sa ating programang "Talk to the People" because nakita namin all throughout the months that we have been doing it, the program, a lot of people are expecting information which they do not hear from other source or sources.

So for tonight, we have Secretary Duque, then we have Secretary Galvez, then we have Secretary Dizon, Secretary Año, and the Deputy Director General Oscar Gutierrez, OIC. Now the other Cabinet members are present, they may want to you know talk to the people. There is new information in their department which is hindi natin alam hanggang ngayon, only if they want, and if they have something to say that is more or less substantial and informative for the people.

We have Secretary Medialdea, Secretary Lorenzana, Secretary Nograles, Presidential Adviser on Political Affairs Jacinto Paras, [*Saan ka galing?*] then we have Senator Bong Go.

I'd like to just say a few words of Senator Bong Go why he chooses to be here every "Talk to the People" program. Alam mo there are things which we do not or can immediately communicate to the other departments of --- sa the Congress, which we think are urgent and very necessary. So siya 'yung ang makuha niya dito, he will share with us and with congressmen and senator, if need be, regarding legislation that are important to run this government.

So we should begin by Senator --- ah Secretary Duque and tell us, sir, where --- kung saan tayo ngayon. Where are we in our response to COVID-19 and its variant D and itong Omicron? We would like to be educated further from what, I said, from where we are now, where are we in the fight against the pandemic?

DOH SECRETARY FRANCISCO DUQUE III: Ah we are okay, Mr. President. Our pandemic response vis-à-vis the Omicron has been quite effective, Mr. President.

But let me go over the usual updates for our people, Mr. President. Muli maraming salamat, Mr. President, Mr. Mayor; Senator Bong Go; ES Medialdea; my fellow members of the Cabinet; at higit sa lahat ang atin pong mga kababayan, muli sa ngalan po ng Department of Health at ng Inter-Agency Task Force ako po ay magbibigay muli ng ating pong pinakahuling ulat patungkol po sa COVID response.

[Next slide.]

Dito po makikita natin as of today, ang total cumulative cases natin ay nasa 3.6 million thereabouts at ang naitala ngayong araw, February 7, ay 6,835. At ang active cases natin nasa 116,720 or equivalent to 3.23 percent. At ang atin namang recoveries ay nasa 95.26 percent ng total confirmed cases. Ito ay nasa 3.4 million recoveries at 95.26 percent 'no. And ang atin pong case fatality rate ay nasa 1.55 percent. May naidagdag lamang po tayong 12.

Samantalang kung titingnan naman natin ang breakdown of the different clinical cases, iyong atin pong asymptomatic and mild ang iyan po halos 95 percent itong dalawa na ito of all the active cases. Samantalang ang moderate natin nasa 2.73 percent of active cases at about 3 point --- 3,184 cases. Ganoon din naman ang severe, critical natin ay halos napakamababa nasa 1.28 percent ang severe and only .29 or 335 cases para po sa ating critical cases.

At dito po 'yung tatlong pangunahing rehiyon na nag-aambag doon sa atin pong caseload: NCR – 968, Region VI – 829, Region VII – 649. At ang tatlong mga probinsiya at mga siyudad na nakapag-ambag din sa ating mga bagong mga kaso ngayong araw: Iloilo – 306, Davao City – 263, and Cavite – 218.

Samantalang ang atin namang patuloy na pagbaba ng positivity rate nasa 22.2 percent na lang po tayo, Mr. President, at ito po 'yung 7-day moving average. At kung naaalala niyo po sa kasagsagan ng Omicron ay sumipa ang positivity rate ng almost 50 percent. So maganda po ang patunay na ang atin pong tugon sa Omicron at ang atin pong tuloy-tuloy na pagbabakuna ay sadyang nakatutulong sa atin pong tugon sa pandemya.

At ang atin namang national utilization rate, as of yesterday, ay nasa low risk 'no. Ang total bed utilization 37.29 percent, ang ICU is 40.9 percent,

and ang mech vents 21.08 percent. So, Mr. President, noong mga nakaraang linggo na kahit na sumisipa ang mga kaso natin, nananatili na mababa 'yung --- in fact, pinakamataas nga natin sumipa lamang ng moderate risk classification ang health systems capacity utilization natin.

[So next slide.]

Ito naman po 'yung ating epidemic curve at makikita po natin ang mga iba't ibang mga rehiyon. Ito 'yung itim, ito po 'yung ating rest of the regions. Samantalang 'yung blue naman, ito po 'yung ating NCR, tapos 'yung pong kulay teal Region IV-A, ito namang dilaw natin dito ang sinasalamina nito ay Region III, at ito namang violet ang Region VI.

Anyway, ang mahalaga po rito makikita natin na ang national average daily reported cases natin from February 1 to February 7, nakapagtala po tayo ng 8,138, mas mababa ng 52 porsiyento kung ihahambing doon po sa naitala natin from January 25 to January 31 na 16,896. So ang laki po ng diperensiya 52 percent. Samantalang ito ay bumaba din ng 41 percent compared to the two weeks prior to January 25.

So 'yan po ang mga patunay muli na talagang bumababa na ang ating mga kaso at ganoon din ang trend for the National Capital Region. Iyong February 1-7 nasa 1,238 cases na lamang po tayo. Mababa ng 54 na porsiyento. At ganoon din naman noong nakaraang January kumpara sa January 25 to January 31 na 2,715 at lower siya by 63 percent doon sa linggong nakaraan bago January 31.

So 'yan po, Mr. President, ang ating epidemic curve ng atin pong COVID cases.

[Next slide.]

Ito naman po ang magpapakita na lahat ng atin pong mga epidemic curves for the major island groups. Ang blue ay NCR, ayan po nag-surge tayo kalagitnaan ng Enero pero mula noon ay patuloy na bumababa. Ganoon din po ang ating Plus areas of Bulacan, Cavite, Rizal, Laguna, bumababa na din po 'yan 'yung kulay green. Samantala ang rest of Luzon, ito pong kulay pula, ganoon din po, pabagsak na rin. At ang ating Mindanao, ganoon din po; ganoon din po ang ating Kabisayaan, ito pong kulay blue.

Lahat po, Mr. President, pababa na. Pero mula dito nakikita natin ay bumabagal na ang pagbaba. So patuloy na mino-monitor po natin ito at sana po ay lalo pang bumagsak ang bilang ng ating mga kaso, Mr. President at...

[Next slide.]

Ito naman po ang ating risk classification ng Pilipinas po ay makikita natin moderate siya, moderate risk classification kasama ang siyam na iba pang mga rehiyon. At may apat pang nananatili na high risk classification: Regions XI, IX, XII, and X.

Samantalang ang lahat po dito siyam ay gumanda na rin po ang lagay. Dati mga high risk lahat 'yan. At 'yung dating moderate risk nasa low risk na lang po ang Regions VIII, V, IV-B, and BARMM.

At ang Pilipinas, ang atin pong two-week growth rate, ito na naman 'yung ating mga metrics or panukatan, ay nasa negative 61 percent. Ibig sabihin nito ay talagang bumagal na ang kalat ng COVID-19, at ang ating average daily attack rate at 11.36 daily attack rate per 100,000 population. At pagka binangga mo ang ADAR at saka ang two-week growth rate, ang lalabas po ay moderate risk classification.

[So next slide.]

Ito naman po 'yung ating national and all regions at low to moderate risk total beds and ICU utilization rates. Ayan po ang Philippines, ang kanyang bed utilization nasa 37.29 percent, samantalang ang ICU is 40.90 percent. So dati po nasa moderate risk tayo, ngayon nasa low risk na po tayo. However, may apat na natitira na mga regions na sa moderate risk level. Ito po ang Regions XI, Region IX, CARAGA, and Region VI.

Samantalang sa ICU utilization rate, mayroon po tayong lima na binabantayan at sana po ito ay hindi na tumaas, bagkus bumaba pa siya. Ito naman ang Regions XI, Region XII, CARAGA, VI, and II.

So 'yan po, Mr. President, hindi po nabibilaukan ang ating mga ospital, Mr. President. Kakaunti ang gamit ng mga kama ngayon. So maganda po ito, Mr. President, at epekto po ito ng ating vaccination. Masasabi ko po na talagang tagumpay ang ating kampanya para mabakunahan ang atin pong pinakamalaking porsiyento ng populasyon. At isa po ito sa dalawang pangunahing tugon sa laban natin pinag --- pinag-isang laban sa COVID-19: ang vaccination trajectory na pinatataas natin; at ang disiplinadong pagsunod, Mr. President, sa ating minimum public health standards – ito po 'yung mask, hugas, iwas, sufficient air flow or ventilation. So 'yan po ang dalawang pinakaepektibong pamamaraan.

[Next slide.]

Dito naman po 'yung ating admissions curve. Ito po sinuri ng inyo pong departamento ang 9,536 total confirmed cases or admissions as of February 6 at lumalabas po dito ay 1,030 ito po severe cases, equivalent to 11 percent, 'yan ang severe cases; at four percent lang or 422 ng lahat ng mga na-admit ay critical cases. So mababa po ito kumpara noong kasagsagan naman ng Delta and Alpha variant. Mamaya ipapakita ko po ang diperensiya.

So ang atin pong mild --- ito pong dilaw --- nakikita natin na mga 32 porsiyento ang --- of the total admitted cases. Samantalang ang atin pong... Well, ang moderate is 'yung yellow curve representing 41 percent of the admissions. Samantalang 'yung kulay blue naman, ito po 'yung mild cases. Sumipa po ito noong Enero, kalagitnaan ng Enero pero nakita na po natin na pababa na rin po siya. So ito naman ang ating moderate cases at --- itong kulay blue ang atin pong moderate cases --- mababa na rin po siya, Mr. President. So 'yan po ang ating admissions curve for the different clinical COVID-19 infection.

[So next slide.]

Ito naman po, Mr. President, ang ating mortality curve. At nakikita na po natin nagkakaroon na rin po tayo muli nang kaunting --- bahagyang pagtaas ng bilang ng mga pumapanaw bunsod ng COVID-19. At dito po mga 93 porsiyento ay mga hindi bakunado, Mr. President. At, in fact, 'yung 85 percent ng severe and critical ay hindi rin sila bakunado.

So 'yan po ang laking bagay pagka hindi bakunado, Mr. President. Talagang they account for the biggest number or percentage of the total deaths and also for severe and critical cases.

So 'yan po at sana ito ay bababa din po ito, darating --- hindi na po magtatagal, bababa na rin po ito katulad ng pagbaba ng ating mga kaso. Usually, it takes about two weeks bago po siya sumunod doon sa pagbagsak ng ating mga kaso.

[So next slide.]

Ah ito naman po, ang ipinapakita po rito ang difference ng case fatality rate at saka nung ating severe or critical cases ng Omicron variant. So tingnan po natin ang Omicron. Noong mid-December onwards, nakapag-sequence ng 2,702 Omicron variants. At ilan ang severe number of severe, critical cases? Anim lang, equivalent to .22 percent. Napakababa, Mr. President.

At pagdating naman sa mga pumanaw, siyam lang ang naitala, equivalent to .33 percent. And ang laki po ng diperensiya ano. Noong Alpha, ito ay mababa pa 'yung ating bakuna rito, in fact, pati sa Beta and Delta, tumataas na rin naman po noong mga bandang September --- August, September --- but nag-stabilize lang 'yung ating supplies October ano po.

Pero ito makikita natin ang diperensiya napakamalaki compared to Alpha at 6.94 percent ang case fatality rate niya and that's 20 percent less po ito compared to the CFR of Alpha; and Omicron is less than 12 percent of the Beta variant at 4.09 percent; samantalang ang Delta ay ito po 12 times less compared doon sa Delta. So ang laki pong diperensiya, Mr. President. Ganoon din sa ating severe and critical cases, .22 compared to 3.11 sa Delta; 2.41 sa Beta; and 1.86 sa Alpha.

So whether ang Omicron variant is inherently a milder virus, it is also possible that because of our higher vaccine trajectory is the reason --- one of the reasons why we are getting a much lower case fatality rates for Omicron and also our severe and critical cases.

[So next slide.]

Ito naman po kanina lang nangyari. Kami po ni Secretary Vince Dizon, Secretary Galvez, at ang mga kinatawan ng DILG ay naglunsad ng atin pong "Resbakuna Kids." Ito po 'yung mga batang inumpisahan na po natin ang pagbabakuna edad 5 to 11 years of age.

So ang pilot sites kanina po sa NCR - 38 sites; Region III - five sites; Region IV-A - three sites; BARMM with Region XII - one site. Kanina rin po pumunta kami sa Manila --- wala lang po dito --- sa Manila Zoo, ginawa po ang napakamasayang bakunahan ng mga bata at maligaya po ang mga magulang at sila po ay pasalamat sa gobyerno dahil po sa ating pangangalaga ng kanila pong mga mahal sa buhay at nangangailangan din ng kanilang mga proteksiyon laban sa COVID-19 na puwedeng makamatay din kahit na mga bata ang malubhang komplikasyon ay puwedeng makadisgrasya at peligroso po ito.

So nananawagan po ako sa mga nanay at tatay na payagan bakunahan ang inyo pong mga anak laban sa COVID-19 at ito pong ating mga bakuna ay tunay na ligtas, epektibo, dekalidad, at sila po ay libre.

Magkakaroon din po tayo ng susunod na malakihang pangatlong round ng National Vaccination Day sa February 10 and 11.

[Next slide, please.]

Iyan po. Ang campaign title: "*Bayanihan, Bakunahan, Part III*," bahagi ng NVD. Ang conceptual framework: whole-of-society approach and whole-of-government approach; inclusive population: all 12 years old and above; ang target ay 6 million na indibidwal --- anyway, sir, 2 million individuals bigyan ng primary dose, iyong kay sir naman mayroon po rito, 4 million individuals with booster; at ang target areas: [16] rehiyon, kasama po ang BARMM; at ang simultaneous nationwide rollout ang atin pong estratehiya; ito po ay muling magaganap ng February 10 and 11.

So sa bilang pagbubuod, Mr. President, *[next slide]* That is my --- this is.... My next slide is the last.

So ang ating bansa, Mr. President and fellow Cabinet members, ang kaso ay --- hindi naman kaso kung 'di ang classification po ng Pilipinas ay nasa moderate case classification mula sa high risk noong nakaraang linggo

habang may apat na rehiyon na lamang sa Mindanao ang nananatiling nasa high risk. Ang atin namang healthcare utilization rates ay nasa low to moderate risk.

At sa kabila nang nakikita natin pong pagtaas ng bilang ng mga namatay nitong Enero, ipinakita ng ating Whole Genome Sequencing na ang Omicron variant ay nagdulot ng mas napakamababang bilang ng severe at critical cases pati mga deaths kumpara po sa Alpha, Beta, and Delta variants of concern.

At panghuli ang --- inaanyayahan po natin lahat ang eligible na magpabakuna at ang bakunang nagbibigay ng proteksiyon laban sa severe, critical, at kung iyan ay maibsan, maibsan din ang pagpapaospital, and, therefore, maiiwasan din ang pagpanaw.

So ang mga bakunang nasa bansa ay sadyang may taglay na proteksiyon. Sinuri nang malawakan at malaliman ng atin pong mga vaccine experts panel, ang atin pong Food and Drug Administration, ang atin pong National Immunization Technical Advisory Group, at nakikipag-ugnayan po ang ating mga experts sa kanila pong mga katumbas na mga eksperto mula po sa mga iba't ibang bansa na gumagamit din po ng ating mga bakuna.

So muli, Mr. President, ito na lamang ang aking pagbubuod at wakas ng akin pong presentation. Maraming salamat, Mr. President.

PRESIDENT DUTERTE: Secretary Duque, I'd like to ask one question only. All of these things that happened to our country, itong pagdalaw ng COVID, iyong --- iyon bang namatay, karamihan sa kanila walang bakuna? What percentage?

SEC. DUQUE: Ah malaki po. Batay po sa sinuring mga datos ng inyo pong Department of Health, 93 percent ng mga deaths ay unvaccinated.

PRESIDENT DUTERTE: Walang bakuna.

SEC. DUQUE: Walang bakuna po, Mr. President. At 85 percent nung mga severe and critical, ganoon din po ang lumalabas, unvaccinated, Mr. President.

PRESIDENT DUTERTE: Iyon nga ang sinasabi natin. We have said it before, sinabi namin noon at sinasabi namin ngayon na almost nobenta --- 90 percent na namatay ay hindi bakunado o ayaw magpabakuna.

So it's a... Itong sitwasyon natin ngayon, just to inform the people that it is a plague that has visited all countries in the world na karamihan diyan we do not have the wherewithals of what happened to other countries especially the people are resisting or just don't get the vaccine on time.

So iyan lang ang masabi... I am not --- I am not trying to be morbid, you know. But ang importante kasi sa akin na makontrol natin na walang mamatay. Ang problema nito, ang ating programa includes --- well, the fight against the pandemic includes really the elementary, basic na dapat gawin sa isang tao at mapabakuna.

Ngayon, our statistics and the statement of the Secretary of Health are really binding on us na 'pag sinabi niya karamihan sa namatay hindi bakunado or almost 90 percent. So sa inyo 'yan. Sinabi 'yan siya, sinabi...

Noon, sinabi namin; ngayon, sabihin ko ulit. Ewan ko ilang beses I have to say the statement of course with the --- a warning that you... Sa sitwasyon ngayon, we are not over the hump. Hindi pa tayo na magsabi na wala na because the microbes are still in the air. Airborne 'yan eh.

So magtaka ka na lang kung bakit hindi ka lumabas ng bahay, nahigop mo 'yung hangin na galing sa somebody sneezes or coughs near you, tinatamaan. Sabihin hindi kami lumalabas ng bahay pero tinamaan kami.

Well, at least kung bakunado ka, your chance of mabuhay ka pa, I will place it something like also 90 percent. But in the matter of possibility of na makuha mo 'yung mga bakuna, ang rami eh. We have so many sites and it's almost everyday.

And we are... Hanggang ano lang kami na bumisita kayo dito, diyan, there is --- I said a facility everywhere. Get the vaccines and include your children because it will ensure their health and life in the future. Importante talaga ang bakuna.

Ewan ko kung bakit may tao na nagre-resist, ayaw. Alam nila --- I really do not --- I cannot understand ang utak ng mga tao na ito. Nakikita nila iyong patay. Sinasabi na ng mga expert --- people in government and in the private sector about the importance of the vaccination.

But until people realize na kung nandiyan na, nasa ospital na. Lahat naman nasa ospital ngayon hindi bakunado. Ayan, ospital kaagad. Iyong mga ordinaryo lang, matamaan ka Omicron, eh balewala 'yun. Lagnat-lagnat ka na lang kaunti.

As a matter of fact, the chances of dying with Omicron is nil. Pero your chances of getting the COVID-19 and the variant D changes everything. Itong dalawang mikrobyo nasa atin pa.

I said we are not over the hump. Mag --- I'm warning you, huwag kayong mag --- just don't --- magkumpiyansa ka, sabihin mo wala na, hindi na kailangan ang bakuna. Well, when you die, I can --- 'pag namatay kayo at hindi kayo bakunado, well, sabihin ko sa iyo good riddance.

Eh ayaw ninyo --- gusto mong mamatay, eh 'di sige. Maglakad-lakad ka at if you get contaminated, you will be awfully very, very sorry for yourself and your family. Iyon lang sa mga taong ayaw.

Hindi ko gusto --- I don't know kung itong --- anong gusto ninyong... Ako, I can only commiserate with you 'pag namatay na kayo. 'Pag walang bakuna at tinamaan ka diyan masking ano, 'yung Omicron, 'yung Omicron kasi 'pag bakunado ka hindi masyadong matapang, ang lumalaban 'yung katawan eh dahil may bakuna. Pero kung walang bakuna, 'yung Omicron is not as slight as other people who have the vaccine or kayo na walang bakuna.

We --- ako, nagpapasensiya ako sa sarili ko sa inyo, maski ganito na lang paulit-ulit dahil nga interesado akong mabuhay kayo. Pero kung gusto ninyong mamatay, okay man rin. Maluwang pa ang --- saan ka magbase --- maraming ano, maraming libingan dito. Iyan, 'yan ang masasabi ko.

Masakit nga na pakinggan pero kailangan sabihin ko sa inyo kung ano 'yung totoo, tutal ang pinag-usapan namin dito 'yung totoo lang. Now, wala kaming... We ad --- we do not talk of things which are not true. We do not dwell on matters that are falsehoods. Hindi kami dito na --- we are not allowed to say something here na hindi tama. Kailangan talaga 'yung lumalabas sa bunganga namin 'yung tama lang. Hindi kami puwedeng mag -- bobolahin kayo o we impose on you lies na hindi totoo because we would be violating our oath of office. Iyan ang mangyari.

So ang sunod is Secretary Galvez. Can you tell us of the vaccination program?

NTF COVID-19 CHIEF IMPLEMENTER AND VACCINE CZAR CARLITO GALVEZ JR.: Yes, sir.

PRESIDENT DUTERTE: Para malaman ng tao na mayroon o wala pa.

SEC. GALVEZ: Mr. President; Senator Bong Go; ES Salvador Medialdea;

fellow Cabinet members and public servants; mga kababayan, magandang gabi po.

Ang atin pong ire-report ngayong gabi, Mr. President, ay ang ating preparasyon sa ating pediatric vaccination for ages five to 11 at ang ating inaabangan na National Vaccination Day Part 3.

[Next slide, please.]

Ang pagbabakuna po --- ang pagbabakuna ng edad five hanggang 11 ay isang pinaka-critical at importanteng milestone ng ating National Vaccination Program. Una, dahil itong sektor pong ito ay kumakatawan sa mga batang mag-aaral sa ating mga basic education, at ito rin po ang most affected and most sensitive part of our society. Ito po 'yung tinatawag nating may kurot sa puso ng ating mga magulang.

Pangalawa, dito po kinakailangan na maging maingat po sa implementasyon dahil dito mararanasan natin na may mga sitwasyon that we need to incentivize and encourage, kailangan pong --- kailangan may --- jolly po 'yung ano 'yung lugar dahil kasi nakita natin mayroong iiyak, mayroong maghe-hesitate, mayroong magre-refuse dahil kasi po nakita natin 'to karamihan po mga bata po talaga na kailangang-kailangan po talaga ng napaka-close ang ano ng guardian at saka ng mga pediatric society po natin.

Pero natutuwa po kami, Mr. President, that despite the noise of the anti-vaxxers na we have overwhelming support of the different medical associations, particularly the Philippine Pediatric Association, the Pediatric Infectious Disease Society of the Philippines, the Philippine Medical Association, the private sector, even the US Embassy at saka 'yung WHO and UNICEF also participated our opening.

Nag-start po tayo ngayong Monday ng launching and we will continue our mini-rollout until February 9. So we will expand to all regions by February 14 and ang concept po natin, ang concept po natin ay we will start small but we will efficiently managed and closely supervised, at karamihan po 'yung ating pediatric society at saka 'yung Philippine Medical Association ay nagsu-supervise din po at ang gagawin po natin is 'yung phased and sequential in order to ensure 'yung safety and successful implementation katulad po ng ginawa po natin sa successful implementation po natin sa 12 to 17 years old.

[Next slide, please.]

In order to ensure steady supply, dumating po noong last Friday ang 780[,000] doses na vaccine galing po ng Pfizer. And then mayroon po

tayong darating na more than 5 million doses, including all the arrivals for the month of February.

So sa February 10 po mayroon po tayong darating na another 780,000 doses. February 16, the following week, another 780,000 doses and then February 23, mayroon po tayong 1.6 million at February 28 we will have 2.1 million. So all in all po, 5.2 million ang darating po ngayon February.

[Next slide, please.]

So ito po ang ginawa po nating mga initial launching ngayong Lunes. So kanina po nandoon po si Secretary Vince Dizon sa Philippine Heart Center at naging maganda po dahil kasi pati po 'yung Philippine Heart Center nag --- nag-prepare po ng mga sorbetes at mga sorbetero. Kanya-kanya pong gimmick para talagang maging festive 'yung location.

And then sa National Children's Hospital, sinamahan po tayo ni Chargé d'Affaires Ms. Heather Variava and then also 'yung Philippine Pediatric Society President na si Ms. Joselyn Eusebio ay sinamahan po tayo para at least maipaliwanag nang mabuti ang importansiya ng pediatric vaccination. Dito naman po sa Philippine Children's Medical Center, nanguna po si Secretary Duque at saka po si Undersecretary Epimaco Densing.

[Next slide, please.]

At dito rin po the --- sa mga non --- tinatawag natin na non-hospital based, ang Fil-Oil Arena, ang Manila Zoo at saka 'yung SM North Sky Dome. Nakita po natin na sa Manila Zoo talagang nandoon po si Secretary Duque, and then dito po sa Fil-Oil nandoon po si Secretary Dizon, and then dito po sa SM North, kami po ni Sec. Dizon kasama po si Mayor Joy Belmonte.

Ang maganda po dito sa Sky Dome ang dami pong mga tinatawag nating mga mascot, pati nga kami naaliw dahil kasi tayo, Mr. President, hindi natin naranasan na magkaroon ng mascot noong panahon natin. Kaya tuwang-tuwa po 'yung mga bata at talagang happyng-happy po sila. Parang nangyari parang fiesta at saka talagang very festive 'yung --- 'yung nangyari po doon.

[Next slide, please.]

Sa sunod naman po, magkakaroon po tayo ng mga settings doon po sa non-NCR areas, sa Batangas Medical Center pupunta rin po ang ating CORDS team sa pamumuno po ng DOH. And then sa Southern Tagalog, doon din po pupunta ang ating mga DOH team; and then also sa Cotabato nag-start na

rin po, at 'yun po pamumunuan po ng BARMM.

[Next. Next slide, please.]

And then ito po 'yung mga nakikita po natin na very ano, very masaya po, nakita po natin ito sa Fil-Oil, nakikita natin maraming mga mascot and then mga nakikita natin mga actors.

And then dito po sa Philippine Heart Center, sa National Children's ito po, and then dito po sa Manila Zoo, and then makikita natin sa SM North EDSA, nakita po natin ang mga maraming ano, ang maraming mga mascot, and also pinagtulungan po ng --- ng Quezon City, Quezon City LGU at ang McDonald's at saka Jollibee magkasama, kasama po ang ating SM management.

So makikita po natin, Mr. President, doon sa launching po nito, talagang halo-halo po, nagsama-sama na po ang ating LGU, ang private sector, ang NTF, ang DOH, para po maging --- mapasaya at maging matagumpay ang initial launching po ng ating, ating ano, ating Resbakuna Kids.

At sa ngayon po ay as of 4 o'clock, mayroon na po tayong 7,416, ito po sa launching ang ano po natin, inaasahan na lang po natin na kaunting libo lang po pero nakita natin 7,000 na po 416 (7,416). So if it will raise to 10,000, magiging successful po tayo.

[Next slide, please.]

Sir, ito naman po ang gagawin po natin sa Region III and IV. So sa ano po, sa 28 --- sa February 8, magkakaroon po tayo ng SM Megamall, ito po 'yung major launching na halos lahat po ng secretary dadating po dito, ito po ay gagawin po sa SM Megamall Bldg. A Event Center sa Mandaluyong. And then also mayroon din po tayong gaganapin sa Bataan General Hospital. This will be a major launching this February --- February 8, tomorrow po.

[Next slide, please.]

Sir, ito naman po ang ating mga gagawin this coming February 9, magkakaroon po tayo ng launching sa Region III and Region IV-A. So dito po sa Jose B. Lingad Memorial Regional Hospital si Sec. Vince po ang pupunta; Bulacan Medical Center, kami po ni SOJ ang pupunta; and then dito po sa Sky Ranch dito po sa Region IV-A sa Tagaytay City sa Cavite ay magkakaroon din po tayo ng launching.

[Next slide, please.]

So sususugan ko lang po `yung preparation po natin sa Roll-out Strategy or our National Vaccination Days Part 3. So with our successful series of Bayanihan, Bakunahan Part 1 and Part 2 nationwide, we will be launching again another National Vaccination Days on February 10 and 11. This is intended to capture all ages from 12 and above with priorities in ecozones and primary doses for A2 and A5.

Ang intention po natin, Mr. President, ay makapagtala po tayo ng 2 million individuals for primary doses at 4 million doses for boosters. So we will recommend, Mr. President, na we have to push for the administration of boosters to provide additional layers of protection kasi po darating po ang araw talagang after three months to six months, mayroon na pong waning effect ang ating mga vaccine.

So ang ano po namin, sir, puwede po tayong manawagan na talagang kinakailangan po natin tayo mag-boosters kasi darating po ang araw na magkakaroon po ng waning effect ang ating mga vaccine.

[Next slide, please.]

Sir, ang intention natin ay magamit ang ating mga volunteers from private companies, private medical clinics, university and school clinics and facilities. We will also want to simplify the process and encourage more walk-ins. So ganoon po ang gagawin natin po na para at least during National Vaccination Days marami po ang pumupunta dahil kasi parang naha-hype po na masaya po `yung araw na `yun at lahat po ay pumupunta sa mga vaccination area.

[Next slide, please.]

We will also want to mobilize government agencies, medical societies, and all available healthcare workers nationwide. In fact, nagpadala na po kami ng surat sa lahat ng mga agencies, more than 36 agencies, para po talagang mabigyan natin ng bakuna at saka boosters `yung ating mga empleyado at ang ating mga dependent.

So sumusulat po kami sa lahat po ng mga agencies so that we can have a massive vaccination of our personnel and dependents. So ito po ay pamumunuan din po at tutulungan din po tayo ng Philippine Medical Association at ang other medical associations.

So we will also mobilize all healthcare workers in the Philippines and participate in the National Vaccination Site --- Vaccination Day during February 10 and 11. At ang gagawin po natin dito ay katulad din po ng

ginawa natin noong nagkaroon po tayo ng National Vaccination Day noong mga nakaraang mga araw.

Lastly, *[next slide, please.]* Sir, Mr. President, sa inyo pong pag-uutos na tingnan din po natin 'yung mga mostly affected areas, sa ngayon po pinuntahan po namin 'yung Metro Cebu, alam po natin na ito tinamaan po ng Omicron, at the same time tinamaan din ng Odette, ganoon din po ang Iloilo at saka Bacolod City.

Kami po ni Secretary Vince at saka ni Secretary Duque ay pumunta po sa mga lugar na ito para po i-launch 'yung ating Resbakuna sa Botika at Klinika. At natutuwa po kami na sa Metro Cebu, Mr. President, talagang halos naka-recover na po ang mga tao.

At kami po ay talagang nata-traffic dahil kasi napaka-festive na rin ang sitwasyon po doon at nagpapasalamat po sila, Mr. President, sa lahat ng tulong na ginawa po natin sa Cebu at ngayon po unti-unti na po silang bumabangon.

Ganoon din po ang Iloilo City at maganda na rin po ang katayuan nila. At ngayon po nagsisimula na po sila na talagang mag-prepare sa vaccination ng five to 11. Ganoon din po ang Bacolod, kami po ay --- nandoon po si governor at saka si mayor, at si congressman. At kami po talaga ay natutuwa dahil lahat po ay sama-sama, 'yung mga botika at saka 'yung mga malls, at saka 'yung mga LGUs ay sama-sama po para sa ating pagtataguyod ng pagbabakuna. Particularly po ito, Mr. President, 'yung Resbakuna sa Botika at Klinika ay para po sa mga boosters, para makaangat po tayo ng boosters.

Iyon lang po, Mr. President, at marami pong salamat.

PRESIDENT DUTERTE: Salamat, Secretary Galvez. The next --- to talk about 'yung ganoon rin, almost the same but we will have the updates requested to present of the secretary. Gusto mong may i-present? Yeah. Okay, go ahead, Secretary Dizon.

PRESIDENTIAL ADVISER FOR COVID-19 RESPONSE VIVENCIO

"VINCE" DIZON: Thank you very much, Mayor. Good evening po, Senator Bong, ES at sa ating mga kasama sa Gabinete. Wala na po akong PowerPoint, Mr. President. Very brief lang po ito.

Unang-una po 'no, gusto lang po naming i-emphasize nila Secretary Galvez at ni Sec. Duque na nakita po talaga natin base sa datos na 'yung

vaccination is really the ultimate solution for us to turn the page and close, hopefully soon, this chapter on COVID-19, but to do that, we really need to further ramp up our vaccination numbers.

Currently, Mr. President, napakaganda na po ng numero natin, 60 million Filipinos are already fully vaccinated as of today, 60 million na po. Marami -- - marami pong nag-doubt niyan, Mr. President, na hindi natin maaabot 'yung numerong 'yan. Pero nagawa na po natin sa tulong ng ating leadership po at sa tulong din po ng ating local government units at ng private sector.

However, we need to further ramp this up to 70 million in March. That is why po in-announce na po ni Secretary Duque at ni Secretary Galvez na mayroon tayong National Vaccination Days po ulit sa Thursday and Friday, and we will have more as necessary to reach that number of 70 million in March. And ultimately po, by the time our --- your term ends, Mr. President, in the end of June, our goal is to reach 90 million Filipinos, fully vaccinated by June this year.

Vaccinating our children po, ito po 'yung matagal na nating hinihintay, Mayor, lagi niyo pong sinasabi naalala po namin, paulit-ulit kayo, na we really have to protect our children kasi nakakaawa po sila. Tinatamaan din po sila ng COVID 'no and they are really vulnerable to this dahil hindi sila bakunado.

Kaya po, I think, this will be a lasting legacy that you will be leaving to protect our children, especially now as we try to reopen face-to-face classes this year after two years, Mr. President 'no. Dalawang taon na pong hindi nakakapasok at hindi nakakalabas ang ating mga children, and I really think the vaccination program that we will be ramping up starting today will really be a game-changer to finally allow face-to-face classes for our children.

Third po, we will continue to pursue innovative ways to bring the vaccines closer to our people. Sinimulan na po natin 'yan noong January by opening up 'yung mga botika natin. So lahat po ng corners ng ating bansa, ng communities, lahat po may botika kaya po we will open up more pharmacies so that our people can easily access the vaccines. But more than this, we will be opening up more clinics. We will hopefully also be doing vaccinations in schools and other private sector establishments.

Finally po, Mayor, 'no nag-uusap na po kami sa NTF under the leadership of Secretary Del, Sec. Ed, Sec. Charlie, and Sec. Duque, and myself, that as we strive to bring down cases especially this month 'no, nakikita naman po natin pababa na nang pababa, but our goal is really to bring down cases to

pre-Omicron levels of less than 1,000 per day hopefully this month of February.

But while we are doing that, Mr. President, we will also start to develop and mapping out a roadmap to the new normal 'no na nakita naman po natin with our increased vaccination and also the new variant that has come up that is milder than Delta, we feel that it is now time to start discussing and planning out a roadmap so that we can already start living with COVID-19. And we will start doing that this month and hopefully po, Mr. President, we are targeting to finish this and hopefully present to the IATF and to you, Mr. President, hopefully in early March this roadmap. And hopefully this is a roadmap that we can get the entire country to support so that we can slowly move towards what we have been wanting to do, move to what we call the "new normal" and hopefully we can achieve this before your term ends, Mr. President, as we increase our vaccinations in the coming months. Maraming salamat po, Mr. President.

PRESIDENT DUTERTE: Thank you, Secretary Dizon. Now we have asked Secretary Año to present the functions under which he has --- he has to do in this COVID pandemic.

DILG SECRETARY EDUARDO AÑO: Thank you, Mr. President. Mr. President; Executive Secretary Salvador Medialdea; Senator Bong Go; fellow Cabinet and IATF members; mga kababayan, magandang gabi po.

[Next slide.]

Unang-una po, Mr. President, ay gusto ko lang magbigay ng ulat ng progress ng pagbibigay ng ating ayuda sa mga nasalanta at naapektuhan ng Bagyong Odette. Sa inyo pong pag-uutos ay naglabas po tayo ng 4.85 billion para po ipamahagi sa mga apektadong lugar sa anim na rehiyon at 27 probinsiya.

Ang atin pong pagbibigay ay naapektuhan din sa kawalan ng signal at ng kuryente at pagtaas din po ng mga kaso ng COVID sa mga probinsiya lalong-lalo na po sa Visayas at Mindanao. Pero ganoon pa man, Mr. President, ay bigyan natin ng komendasyon ang anim pong probinsiya na nakapagbigay na ng ulat. At dito po makikita natin na umaabot na po sa

495.5 million ang naibigay na ulat ng pamamahagi kaya po gusto nating bigyan ng komendasyon ang Iloilo under Governor Art Defensor Jr., ang Bohol under Governor Art Yap, ang Cebu under Governor Gwen Garcia, ang Southern Leyte under Governor Damian Mercado, ang Surigao Del Norte po under Governor Francisco Matugas, at ang Dinagat Islands under Governor Arlene Bag-ao. Atin pong tinatawagan 'yung iba pang mga LGUs, mga probinsiya at munisipalidad at siyudad na hindi pa nakapagbigay ng ulat at agarang dapat ay paspasan ang pagbibigay ng ayuda.

Sa mga mababagal at hindi makakapagbigay sa tamang oras, asahan po na magbibigay tayo ng mga show cause orders dito sapagkat ang mga perang ito ay dapat matanggap ng ating mga kababayang nasalanta at naapektuhan ng Bagyong Odette. So next week po ay magbibigay ulit tayo ng ulat ng progress ng pagbibigay ng ayuda.

[Next slide, please.]

Sa atin naman pong updates sa ating buong bansa sa pagco-conduct ng ating granular lockdown, makikita po na higit 126,600 po ang ating mga aktibong kaso sa ngayon sa buong bansa. Subalit makikita po natin sa ating alert level system, 26 lamang na city at municipality ang apektado o kabuuan ay 210 barangays at 605 lamang ang under granular lockdown at ang anim dito ay nasa National Capital Region na nag-aapekto sa 744 households or 1,233 individuals.

Sabi nga po magandang balita ngayon sapagkat tuloy-tuloy naman ang pagbaba ng ating mga kaso pero asahan po natin na aagapan pa rin natin kung magkakaroon po ng mga transmission sa mga komunidad.

[Next slide, please.]

Dito naman po sa mga recorded violation po ng community health protocols, makikita po natin na bahagyang tumaas ang mga nagva-violate ng not wearing the facemask pero bumaba naman ang pag-conduct ng mass gathering, at bahagya ring tumaas ang violation sa no physical distancing.

Nais ko lamang po ipaalala sa ating mga kababayan na sundin ang ating mga minimum public health standards ng sa gayon ay malampasan na natin ang mga pandemyang ating kinakaharap. Bukod sa bakuna, kailangan po talagang susunod tayo sa minimum public health standard at ito po ay personal responsibility ng ating mga kababayan.

[Next slide.]

Sa atin naman pong kampanya laban sa iligal na droga, ang ating mga enforcement --- law enforcement agencies ay nakapagsagawa ng 1,974 anti-illegal drug operations mula January 23 hanggang February 5. At makikita po natin dito na 144 po ang nag-surrender; nagkaroon po tayo --- naaresto natin 2,792 na mga drug pusher; at ito po ang nasawi sa anti-illegal drug operation sa loob ng dalawang linggo. Sa kabuuan ay nakapagkumpiska tayo ng estimated worth value of P165,995,762 sa dalawang linggong nagdaan.

[Next slide.]

Sa atin pong paghahanda para sa susunod na National Vaccination Day Part 3 ay nakapaglabas na po tayo ng ating advisory at memo circular upang makapaghanda ang ating mga local government units. Noon pong February 2 ay nakipagpulong tayo sa mga governors at mga mayors kasama rin po ang mga opisyaes ng IATF at DOH upang ibigay ang ating nakatakdang programa sa 3rd National Vaccination Day. At sabi nga po, ang ating layunin ay makapagbakuna ng anim na milyong kababayan na binubuo ng dalawang milyon para sa primary dose series at 4 million naman po para sa booster.

Dito po ay pinapaalalahanan din ang ating advisory na ihanda ng LGU ang pagpapalawig ng vaccination sites, ang pag-inventory at distribusyon ng mga bakunang gagamitin kasama na ang pag-assign ng mga tauhang magsisigurado na mapapanatili ang pagsunod sa minimum public health and safety protocols habang patuloy ang operasyon ng malawakang pagbabakuna.

At dito po ay allowed ang walk-ins katulad po ng sinabi ninyo, ang requirement lamang ay basta ikaw ay Pilipino, ikaw ay babakunahan kahit

saang vaccination site. Kahit hindi ka nakapagparehistro, pumunta ka lamang sa pinakamalapit na vaccination site at ikaw ay babakunahan o bibigyan ng booster. At nakahanda rin po ang ating mga unipormadong hanay upang tulungan ang ating LGUs na dalhin ang mga bakuna sa malalayong lugar o hakutin ang ating mga kababayan at dalhin sa vaccination sites. Iyon lamang po, Mr. President, at magandang gabi po.

PRESIDENT DUTERTE: Salamat, Secretary Año. That was a good narrative of how far we have reached in our fight against COVID.

Now, the next speaker is the FDA Deputy Director General Oscar Gutierrez.

FDA OIC DEPUTY DIRECTOR GENERAL OSCAR GUTIERREZ: Yes po. Magandang gabi po, mahal na Pangulo. Magbibigay po ako ng updates tungkol sa mga ginagawa ng FDA na may kinalaman po sa COVID.

[So next slide po.]

So dito po, makikita po natin dito na noong last "Talk to the People" po ay 116 po itong mga total na certified na antigen kit. Mayroon pong nadagdag na home self-testing kit so bale tatlo na po itong ating mga certified na home test kit. Kung hindi po ako nagkakamali, ito po ay gawa po yata ito sa US.

Tapos dito naman sa professional assisted antigen test kit, mayroon pong nadagdag na dalawa; at para sa antibody test kit, mayroon pong nadagdag na isa.

Kung makikita niyo po sa ilalim, noong Friday po, mayroon po tayong na-endorse na a total of 54 test kits po sa RITM at tatlo pa lang po 'yung mayroong performance validation report na nai-submit po sa FDA.

[So next slide po.]

So dito naman po, noong January 28 po, nagbigay po tayo ng EUA approval for 200 and 400 mg Molnupiravir capsule sa Lloyd po, locally --- local manufacturer po 'yan na nasa Bulacan at ang trader niya po ay Zen[s] Research, Inc.

So malinaw po sa findings ng FDA may capacity po siya mag-produce ng Molnupiravir capsules under current good manufacturing practice. At ang Molnupiravir naman ay meets the safety, efficacy, and quality standard as an investigatory COVID-19 drug.

So malaking bagay po ito dahil sa --- *[next slide po]* --- ay maliban po sa nai-report ko po na Molnarz at Molnaflu, mayroon pa po nadagdag na tatlo maliban doon sa Lloyd. So bale ang nadagdag po ay apat, 'yung isa po ay locally manufactured.

Kung hindi po ako nagkakamali, itong Lloyd Laboratories po kasi kaya niyang mag-manufacture po yata ng milyon na capsule kaya malaking bagay po ito.

Ngayon, dito sa ongoing evaluation of application, gusto ko rin po ibalita na ang Paxlovid po ng Pfizer ay nag-apply na po for EUA so under evaluation na rin po ito. So puwede ako magbigay ng update uli sa darating na mga araw.

[So next slide.]

So gaya po nang nasabi ko, noong dalawa pa lang po ang na-approve na Molnupiravir ay nag-issue po kami sa FDA ng advisory dahil kung titingnan po natin, hindi po sapat 'yung mga EUA na na-approve natin para sa dalawang produkto kaya in-extend po natin 'yung Compassionate Special Permit para masiguro po natin na kung mayroon po sa ibang lugar sa Pilipinas na gusto pong mag-apply pa ng CSP ay papayagan po natin.

Ini-extend po natin ito ng tatlong buwan pero subject to review po depending on the availability of medicine for COVID --- against COVID all over the country po. So ganoon po.

[So next slide po tayong.]

So dito po, noong last "Talk to the People," nangako po akong magbibigay ng report. Gusto ko pong malaman ninyo, mahal na Pangulo, na ang FDA may tinatawag na Field Regulatory Operations Office.

'Pag may natanggap po kaming report or complaint, kapag po ang subject of complaint ay 'yung establishment --- ay product --- ay mayroong license to operate at 'yung produkto naman ay may CPR, ang nag-o-operate po diyan ay mga drug inspector rin po natin.

Kapag naman po walang license to operate at walang product registration, walang authorization from the FDA, ang nag-o-operate po niyan ay regulatory enforcement unit. Ito pong dalawa na ito ay nagre-report po sa DDG po ng FROO, 'yung dati ko pong opisina na bago ako po naging OIC rito.

So mayroon po tayong mga 108 drug inspectors po all over the country. Present po sila sa lahat ng regional field office maliban po sa BARMM. Iyong ating regulatory enforcement unit po naman mga 37 po sila ngayon all over the regional field office din po.

So ang mga tumutulong po sa amin 'pag kami po nag-o-operate kasama po ang mga law enforcement agencies ay 'yung mga office po ni General Ferro po ng CIDG; ng NBI po headed by Hon. Eric Distor; sa Bureau of Customs naman po headed by Commissioner Rey Leonardo Guerrero; and from the Philippine Center of Transnational Crime, si Usec. Alfred S. Corpus.

Other government agencies po na nakikipagtulungan ang FDA ay 'yung DILG po, IPOPHL, and of course PRC. At from the private sector po 'yung DSAP po, PCPI, PHAP, PAPPI, and Philippine Pharmacists Association.

[So next slide po.]

So dito po makikita po natin na sa PNP-CIDG, hindi po lahat ng operation ng CIDG ay kasama po ang FDA. Puwede po kapag nag-operate po ang CIDG, based on our advisory, as of 2021 po 54 percent po ng operation nila concerning fake drugs, substandard and falsified drugs ay they operate on their own po, based on our --- using our advisory.

'Pag nag-operate naman po ang FDA kasama ang CIDG, as of 2021, 32 percent po kasama po ang CIDG. Ang CIDG rin po minsan humihingi po ng tulong diyan 'yung ating mga FDA-regulated establishment or CPR holders, nag-o-operate din po sila 14 percent.

So 'yung --- *[next slide po]* --- makikita po natin dito na noong 2020 po, 11 po 'yung arrested number of persons po na nahulihan po ng counterfeit products. Noong 2021 naman po ay 74, a total of 85 po for the past two years. So makikita po natin sa litratong ito kasama po ng FDA ang mga PNP-CIDG po na nag-o-operate.

[So next slide po.]

Dito ho, gusto ko lang po ipakita dito na dito po sa left side, 2020 po 'yan, REU, nag-o-operate po kami alone, wala po, sir, kaming nahuhuli pero makikita niyo po dito 'yung seized/confiscated products ay 1,905,469 worth of products po, and we did 21 operations in 2020. But together with the CIDG po, mga anim po 'yung operation, it yielded 25,959,000 worth of seized products at mayroon pong na-arrest po na walo.

In 2021 naman po, makikita niyo po dito na bumaba na rin po 'yung aming seized products or confiscated kasi po 'pag mayroon pong nakitang counterfeit at kasama po namin ang LEA, talagang ipinapaubaya po namin sa kanila ang mga confiscated product kasi evidence po 'yun. So again, in 2021, pito po 'yung na-operate ng --- na-arrest po ng CIDG together with the FDA.

[So next slide po.]

Kasama rin po namin sa operation ang NBI. So for example po, 'yung sa Cebu 'yung tolis --- ah okay, sige lang.

Mayroon po kaming na-seize na product po a total from 2018 to 2021, ang NBI po total po na value na na-seize nila is 27, 364,600.43 po.

[So next slide po.]

Ito po 'yung in-operate nila noong bandang September po sa Quezon City, iyan po 'yang sa picture. Pero makikita po natin na number of illegal drug apprehensions is 123 po. Simula po ng 2018, noong 2021 po 49.

[So next slide po.]

Doon naman po sa Bureau of Customs --- nakikipag-ugnayan din po ang FDA sa Bureau of Customs. Makikita po natin dito noong 2021, 49 po 'yung total illegal drug apprehensions from January to October 2021; noong 2019, 31; noong 2020, 43. So 'yan po.

[Next slide.]

So dito po sa next slide, gusto ko po malaman niyo, mahal na Pangulo, noong January 2020 po itong taon nag-operate po kami ng FDA. Tumutok po kami sa mga drug outlets kasi nagkaroon ng shortage at gusto na rin naming isabay kung mayroong mga counterfeit.

Ang maganda pong balita, only 21 drug outlets out of 926 drug outlets po were suspected lang naman po to be offering medicines and diagnostic kits that may be unregistered or counterfeit. Very reliable pa rin po 'pag bumibili tayo ng ating gamot sa mga FDA licensed drug outlets.

So --- *[yung next slide po]* --- ipapakita ko lang po dito, ito po 'yung mga counterfeit oral medicine. Ang iba po dito ay ginagamit po for COVID-related medicines po like Bioflu.

Iyong sa taas po 'yung tinatawag na authentic, 'yung sa ilalim po 'yung counterfeit. Ganoon po 'yan. So 'yan po 'yung mga example. Iyong sa next - --

PRESIDENT DUTERTE: Director, Director Gutierrez.

DIRECTOR GENERAL GUTIERREZ: Opo.

PRESIDENT DUTERTE: I'd like to ask you, what has Viagra got to do with COVID? *[laughter]*

DIRECTOR GENERAL GUTIERREZ: Ay wala po, naisama lang po 'yan kasi hindi naman po lahat 'yan ay... Kasama lang po 'yan sa slides namin. Standard presentation lang po ito, this was not prepared na exclusively for this. Pero definitely po mayroon din pong counterfeit na Viagra, opo, na nakita.

PRESIDENT DUTERTE: What happens to --- what happens to the fake drugs that you seized during the several operations, sir?

DIRECTOR GENERAL GUTIERREZ: Mayroon --- mayroon po kaming warehouse accounted for --- accounted po 'yan sa warehouse. Kasama po 'yan sa ina-audit po ng COA sa amin every year.

We make sure that all these drugs are properly accounted for po. Mayroon kaming pinaglalagyan po niyan na warehouse.

PRESIDENT DUTERTE: If they are fake or counterfeited, what happens to the people that you have arrested during the raids?

DIRECTOR GENERAL GUTIERREZ: Nasa custody po sila ng law enforcement agency po.

PRESIDENT DUTERTE: Are cases filed against them?

DIRECTOR GENERAL GUTIERREZ: There are... Cases are filed against them. Kami po nage-certify ng product that it is unregistered, it is counterfeit.

And before we declare it is counterfeit, we inform the CPR holder, iyong may-ari po ng produkto, we show it to them and they certify that it is not their product.

So ganoon po ang... Then we submit this certification sa law enforcement agency and iyon lang po. The law will take over na po. I mean it is filed in court by the law enforcement agencies po.

PRESIDENT DUTERTE: It is important that the source of the fake or counterfeited drugs are pinpointed or known.

DIRECTOR GENERAL GUTIERREZ: Opo.

PRESIDENT DUTERTE: Kasi we have to warn the citizens about these fake --- the proliferation of fake drugs or counterfeited drugs at saka itong mga tao are prosecuted sa magkaroon ng kaso kasi kung nasa labas itong mga 'to, they would continue with the practice really if we are too lenient about it.

The one thing that's really where I find the fault is mahina ang prosecution sa mga ganitong kaso or entirely forgotten or the cases dismissed because there's nobody testifying for government.

Kaya ito, mayroon ba kayong opisina or a part of the office of yours dedicated to the prosecu --- to the successful prosecution of people who are caught with fake drugs? Mayroon ba kayong follow-up diyan sa office?

DIRECTOR GENERAL GUTIERREZ: Yeah, we have a legal center but we are more --- most successful if we operate po with the law enforcement agency rather than we do it through the FDA.

Kaya nga po ang aming paradigm ngayon po is kung mayroon pong LTO at saka CPR po sa amin, meaning their product is registered with us, the establishment po has a license to operate with us, we --- we ask our inspectors to deal with the establishment po.

And we operate po with the law enforcement agency in case the nature of the report or the complaint is verified po to be counterfeit kasi we do test buys po eh when we receive reports po eh.

Iyong REU po namin, 'yung Regulatory Enforcement Unit, do the test buy. 'Pag positive po, we prepare all the necessary documentations po so that the operation between the FDA, the CIDG, or the PNP and even the BOC will be conducted po.

That's how we operate po kasi may assurance po ng prosecution even power to inquest po kasi the authority to inquest wala po ang FDA eh, nasa pulis po 'yun eh.

PRESIDENT DUTERTE: Yes, but there has to be somebody in your office that would keep track, sinusundan 'yung mga kaso.

DIRECTOR GENERAL GUTIERREZ: Ah mayroon naman po. Mayroon po kasi our REU po agents, special agents, they stand witness po eh sa court hearing eh. So kaya po we have the Regulatory Enforcement Unit po. We have po, we have. Mayroon po.

PRESIDENT DUTERTE: Maganda 'yan.

DIRECTOR GENERAL GUTIERREZ: I can even submit a report on how many cases po we have followed up po and mayroon po talagang penalties and mayroon pong nakukulong. Opo, iyong next, opo...

PRESIDENT DUTERTE: I am interested to see them inside the prison. So your job is not merely going after and conducting the raids and arresting persons. And of course, confiscate the drugs which are really the --- would constitute the body of the crime.

At kailangan ng --- there's somebody in your office, magkalabit lang naman sa ano so that you will be informed of the date of the trial because ang trabaho ninyo does not end with the arrest.

It does not even --- it's not even complete by just saying that you have gathered all these fake drugs. It includes the prosecution. I'm more interested in the second kasi wala pa akong narinig. I have yet to see a conviction of people who are into this kind of business.

Kaya siguro iyong mga droga na nakuha mo sa kanila, you keep it for the court's intervention. You preserve the ika nga the body of the crime. Is that correct?

O ngayon pagka masyadong marami na, ang suggestion ko doon sa NBI pati sa CIDG, sabihin mo sa kanila na iyong kalahati na nakuha ninyo

confiscated, ipainom mo dahan-dahan. Really. Ipainom mo lahat. Kung Viagra marami, ipainom mo. Sampung Viagra kayo because we are interested to know what happens to the idiots if they are given the drugs na sila ang mag-inom. Ibigay mo sa kanila, lalo na 'yung Viagra. Ipaubos mo 'yang sampu sa bunganga nila. Now, kung may magtanong sinong nag-utos, sabihin mo ako in our program. Ipakain daw sa inyo. It's okay? It's okay with you?

DIRECTOR GENERAL GUTIERREZ: Opo. Okay na po. Ang challenge po kasi dito it's a clandestine activity po eh. Iyong mga criminals po, they are actually in hiding. So iyon po ang challenge. Anyway, we note your suggestion po, Mr. President.

If I can proceed to the next slide po, Mr. President? Ito po related po ito sa COVID and I think this very important kasi ito po injectable na po ito. Iyong sa left po, that is the Tocilizumab na po na tunay. Ito pong nakalagay na fake, nakita niyo po, mayroon po siyang foreign mark po. I don't know what that language is pero ang fake po iyong nasa kanan po.

So ito po ini-inject po ito kaya na importante rin pong malaman ito ng tao na huwag silang mag-patronize. Ito pong Tocilizumab po, 25,000 po ito per vial. Umabot po ito sa market ng 70[,000] hanggang 90,000 po per vial noong kasagsagan po ng COVID last year.

So ito po makikita niyo po na ito po mayroon po akong nabasa sa newspaper kailan lang, luma na po iyong news, pero actually nag-operate po ang NBI nito sa Cebu. They really apprehended po the importer sa Bureau of Customs po --- I mean sa port of entry po ng Cebu.

Now, kung makikita niyo po 'yung nakabilog na 'yan na pula sa dito po sa fake, makikita niyo po pagka-fake po minsan sila mismo mayroon silang palatandaan eh. Dapat po 'yan "8", nagiging letter "B". Oo, letter B po 'yan. Dapat 'yan 83404. Pero makikita niyo 'pag fake, 'yung batch number po, 'yung BN, ay letter B instead of 8. So mayroon pong ganyang mga palatandaan din po tayong makikita.

[So next slide po.]

So mayroon lang po akong kaunting tips lang po para hindi po tayo mapeke. Get your medicines only from FDA-licensed drug outlet. Naipakita ko naman po na around 2.2 percent lang naman po iyong na-suspect po na could be offering products that are counterfeit based on the experience of our...

PRESIDENT DUTERTE: Wait, let me cut you there. Sabi mo that you are urging people to buy their medicines at iyong licensed ---

DIRECTOR GENERAL GUTIERREZ: FDA-licensed... Opo.

PRESIDENT DUTERTE: --- or registered with the FDA.

DIRECTOR GENERAL GUTIERREZ: FDA po.

PRESIDENT DUTERTE: Ang problema nito is malaman ng tao na FDA 'yan ang itong...

DIRECTOR GENERAL GUTIERREZ: Mayroon po.

PRESIDENT DUTERTE: Mayroon kayong notice diyan?

DIRECTOR GENERAL GUTIERREZ: Mayroon po, 15,000 po ito all over the country, Mr. President. So mayroon po silang lisensiya po. Iyong lisensiya po nakasabit po.

PRESIDENT DUTERTE: You have it posted on the store or the drug outlet itself?

DIRECTOR GENERAL GUTIERREZ: Opo, mayroon po.

PRESIDENT DUTERTE: Para makita ng tao.

DIRECTOR GENERAL GUTIERREZ: Opo.

PRESIDENT DUTERTE: Now, iyong mga fake na injectable, kunin mo 'yung... Buksan mo at sabihin mo doon sa CIDG or NBI na sayang man rin maski na fake, mapakinabangan. Ipainom mo, ipainom mo sa mga p*****i**. Kaya sabihin mong sinong nag-utos? Sabihin mo ako para pangdagdag doon sa ICC.

DIRECTOR GENERAL GUTIERREZ: Yes po.

PRESIDENT DUTERTE: Oo, maganda 'yan.

DIRECTOR GENERAL GUTIERREZ: Salamat. Iyong mga gamot po kasi sa FDA-licensed drug outlets, sigurado po tayo it is dispensed under the supervision of PRC-registered pharmacist.

So sa ngayon po, never buy medicines from sari-sari stores. Diyan po marami po talagang fake. The source is dubious. All medicines po kasi should be sourced from FDA-licensed establishment only.

Wala po dapat vendor na nagbebenta po sa mga drug outlets. It should be sourced from an FDA-licensed establishment also. So demand official receipts. Do not buy from establishments that do not issue OR like sari-sari stores po.

Do not buy medicine online kasi po iyong Rx medicine po, iyong mga prescription medicines, bawal po talaga `yan i-advertise kahit sa online o social media. Mayroon po tayong ganyang regulation.

Pero hindi po bawal sa FDA sa ngayon kasi i-improve pa natin ito. Sa ngayon po, online ordering po allowed po ng FDA for as long as iyong FDA-licensed drug outlets ay may permit po to receive online ordering of medicine and to deliver this medicine.

So hindi po lahat ng FDA-licensed drug outlets are allowed to take orders online and even to deliver them kasi may special permit po 'yan na dapat kukunin sa FDA as an additional activity po.

[So next slide po.]

PRESIDENT DUTERTE: So this is good as any other time to issue the warning.

Mga kababayan ko, huwag ho kayong magbili ng mga medisina for use against the COVID. Huwag kayong magbili ng medisina. Hindi lang sa sari-sari store. Iyong mga fly-by-night na bukas lang pero walang masyadong ipinagbibili pero iyong sinasabi natin na peke, mabibili mo doon.

Kaya iyan ang problema. Huwag kayong basta-bastang bumili at kayong mga sa gobyerno, 'pag nahuli ninyo 'yan sila na peke, eh tignan natin ang -- - kung totoo o hindi. Ang mabuti niyan para you have to --- you can no --- you can discern. You can now --- whatever. Ipainom mo o i-inject mo sa kanila para malaman natin kung well, eh kung mamatay, eh 'di sorry. Kung magtanong sila kung sino ang nag-utos nito, sabihin mo si Duterte para kayong mga...

Iyan. Iyan ang... 'Pag ako ang nakahuli sa inyo, iyan ang gawain ko. Ipainom ko sa inyo o i-injection ko sa katawan mo. Now ngayon, mamatay ka, magkasakit ka, problema mo 'yan. Huwag mo akong balikan sa problema na ginawa mo.

Iyan ang ayaw ko sa kriminal eh, you --- maggawa kayo ng kalokohan, mag-kidnap kayo, mag --- you commit robbery with homicide, patayin ninyo, nakawan ninyo, o minsan may mga rape diyan, robbery with rape, mga complex crime na.

Iyan ang sinasabi ko sa mga kriminal, 'pag inabutan ko kayo, ipainom ko talaga sa inyo 'yan. Eh 'di magkita na tayo sa korte kung papano. Tatal may malaking ahensiya na hinahabol ako, idagdag ko na lang doon. Pero ipainom ko talaga sa inyo o ipa-inject ko sa inyo, totoo 'yan. Kayong mga animal, 'pag nagsalubong tayo sa isang kanto --- iyon ang ibig kong sabihin.

You might be able to do all of these things, but one day, if we meet in one corner tapos you are caught committing a crime, sorry na lang. Iyong pinagsasabi nilang ginagawa ko, puwede hindi, puwede tama, puwede mali.

But you will know kung magkita na tayo, 'yan sigurado, diyan mo malaman kung totoo ba 'yang sinasabi ng ICC, International Criminal Court, diyan mo malaman kung totoo ba o hindi 'yang mga akusasyon sa akin na pinapatay ko raw, sina-salvage, walang korte-korte, diretso.

Well, baka totoo. I don't know, malimutin ako eh. Baka hindi rin. Pero sabihin ko sa inyo mga kriminal, mag-abot nga tayo sa isang kanto, diyan na --- diyan na natin makita kung hanggang saan ka at hanggang saan ako.

Mayroon ka pang ano?

DIRECTOR GENERAL GUTIERREZ: Mayroon pa po, mga dalawang slide na lang po. So 'yung next po ay ito po, whenever we buy po 'yung our medicines, usually po 'yung maintenance kasi araw-araw, every week, every

month bumibili tayo, if possible po, buy from the same drug outlets you trust po each time.

When you receive your medicine, check the following po: packaging for condition, spelling mistakes, or poor grammar on the packaging.

Kung makikita niyo po 'yung mga example natin, ang tama po kasi is "0.5 mg", pero 'yung mga counterfeit po hindi po nila alam ang difference kung saan ilagay ang decimal eh, "05. mg." Iyon nga kanina pinakita ko po 'yung number 8 nagiging letter B.

Tapos manufacturing date and expiry date; and batch/lot number; details on outer packaging po kasi should match the inner packaging information. So makikita mo pati sa barcoding po 'yung counterfeit po napapahaba 'yung linya, 'yung mga ganoon po.

So after opening po our medicine that we usually buy, check if it looks, feels or smells right as bought before. Kasi may mga gamot po talaga daily maintenance na po eh. So we have to check it every time we buy po.

So 'yung last slide po ay sinasabi lang po natin --- naipakita ko naman po lahat po ng pinost (post) ko diyang mga picture ng counterfeit po nasa advisory po namin 'yan, talagang mahirap lang po talaga hulihin kung sino po ang gumagawa niyan. Watch out for FDA advisories po para alam po natin kung ano 'yung nagpo-proliferate po na currently in the market na mga fake products.

Tapos report po to FDA. Ano po 'yung ire-report natin? 'Pag mayroon pong mga vendors offering medicine. Kasi dapat po ang nag-o-offer po niyan mga licensed establishment or persons working for a licensed establishment.

Tapos 'yung mga criminals po offering vaccines and other Rx medicines, uulitin ko po, wala pong vaccine ng COVID na mabibili po sa online. Mayroon po 'yan nag-attempt, nag-test buy kami, talagang pagbabayaran ka lang, wala po talagang ide-deliver 'yan. Puputi ang mata niyo po, hindi 'yun magpapakita.

PRESIDENT DUTERTE: Eh 'di ganito na lang, putulin na lang kita.

DIRECTOR GENERAL GUTIERREZ: Opo.

PRESIDENT DUTERTE: Why don't we, now, here and now, sabihin natin sa mga ating mga kababayan, make a little sacrifice by going to the legitimate 'yung outlets na kinikilala ng FDA. Do not buy online, kasi 'yang online puro

racket 'yan. Almost about in any transaction completed or perfected with online, ah sigurado kayo. You will not only buy a fake medicine, you take a fake medication that will only worsen your sickness and maybe death will follow.

In the meantime, gusto ko sanang maggawa ang FDA ng a little bit of mga card, i-distribute nila, this might not really sit well legally, but since we are in a pandemic, we are in a crisis at marami ang --- Pilipinas talaga tuma --- natumba halos because of the pandemic.

Now ngayon, sabayan mo na magkrimen, 'yan ang problema. So it would not be a crime if we give something to the --- 'yung sa tao, eh ilalagay. You buy your medicines, medications ito sa tindahan na ito. Bahala na, we will... Alam mo kasi, rather than allow the continued exposure of citizens to a --- a crime, one that is really very, very vicious, I will --- I will allow that kind of practice or government --- gawin mo na lang gobyerno, Office of the President, para wala na, hindi ka na mademanda, ako na lang.

Lista ninyo, ilagay ninyo 'yung legitimate outlets, ilagay niyo kung saan kayo mabili para... Or a better way of doing it is really paint it large in a --- 'yung mga billboard sa ano --- doon natin ilagay, ito 'yung mga medisina and...

Kasi it is not really legal, but you know, it is also a good --- maybe a --- parang a refuge to ask the people to do this legally and itong sabihin mo illegal 'yan at this time when they --- may mga kriminal, hanggang sa medisina na, it would be legal for government to just...

Kasi ang online ngayon, ako hindi ako marunong maggamit ng --- 'yang ano 'yan? Hindi ako marunong kaya wala akong online diyan. Ang akin tawag lang. Huwag kayong ano sa online because you do not see face-to-face, and there are a lot of people who can conspire and think of a criminal action that would not be good for the citizens.

Kaya nga sabi ko 'pag nahuli kita, inumin mo talaga 'yan. Ngayon, pagka 'yang Viagra, gusto kong --- noon pa interesado na ako kung maghirit ka ng mga 10, anong mangyari sa iyo. Gusto kong malaman 'yan. Ngayon, sabihin ninyo nagbobola ako, okay lang.

Pero sabi ko sa inyo, one of these days, naglalabas ako ng gabi, isang sakyan lang, I just go around the city. Pagka may naabutan ko kayo ng ganoon, hulihan, hindi ko na --- sabihin ko sa pulis dito ka na sumakay sa akin kasi may gagawain tayo. Dalhin kita doon sa kung saan, ipainom ko lahat sa iyo 'yan.

Now ngayon, kung mamatay kayo, okay lang. Magdemanda kayo? Okay lang rin. Walang problema. Ang kaso ko patong na. Sabi pa ng ICC na 70,000 daw ang pinatay ko, ay p***** i**. Ang rami naman niyan. Babaan ninyo nang kaunti. Sobra... That number is incredible. Lower a little bit 'yang hanggang sa tama lang. How many? Well, ang anong record ninyo diyan ilagay mo.

I will not hesitate to --- hindi talaga ako magdalawang-isip, sa totoo lang. Kasi 'pag kriminal ang kausap ko, nawawala 'yung isip ko. Kaya kung ayaw ninyong maniwala, well, subukan ninyo.

But you know, one of these days, I will go to the NBI or the --- titingnan ko kung saan 'yung --- 'pag nahuli ka, por Diyos. Mabuti pa magpa-injection ka na rin ng COVID para maawa ako. Kasi kung hindi, ni wala kayong konsensiya na ilagay ninyo 'yung mga kapwa mo Pilipino, ilagay mo sa mga sitwasyon na ganoon, may sakit na tapos magbili pa ng medisina, gagastos tapos peke, at 'yung it would only worsen his condition, not to improve but to worsen it and maybe die because of it, then may --- may pag-usapan talaga tayo.

Naghahanap ako ng sample, ika nga. Sige lang. Kayong mga online kayo, mga online-online, bantay kayo diyan. We have a --- hindi ko na sabihin, but we can trace you and we will know who you are. It takes a time --- it takes time to do it but we can find you, sigurado 'yan. Kaunting tiyaga lang sa mga cybercrime, 'yung nandiyan sa Cybercrime office or division ng NBI pati pulis.

Mayroon ka pang idagdag?

DIRECTOR GENERAL GUTIERREZ: Wala --- wala na po, 'yan na po ang last slide. Magandang gabi po. Thank you.

PRESIDENT DUTERTE: Okay.

--- END ---